7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kwarter 2

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 2 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Dianne D. Lumibao (Quezon City University)
- Wayne Paul V. Basco (Tinajeros National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M. Villanueva. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Nailalahad ang mga iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal sa tatlong bansang pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>2. Nasusuri ang iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal (pag-alsa, pag- angkin, at pag-angkop) sa tatlong bansang pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>3. Naipapakita ang iba't ibang epekto at impluwensiya ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin sa kasalukuyan.<br><br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>• Nasusuri kung paano tumugon ang iba't ibang bansa sa Timog Silangang Asya (tulad ng Pilipinas, Indonesia, at Malaysia) sa kolonyal na pamamahala.<br>• Nasisiyasat ng mga paggalaw ng paglaban, mga pagbagay sa kultura, at mga estratehiyang pampulitika na ginagamit ng mga kolonisadong rehiyon.<br>• Nasusuri ang epekto ng mga patakarang kolonyal sa mga lokal na lipunan, ekonomiya, at pagkakakilanlan.<br>• Nasusuri kung paano patuloy na humuhubog sa mga kontemporaryong isyu sa mga bansang ito ang mga pamana ng mga kolonya ng kasaysayan.<br>• Naisasaaalang alang ang mga disparidad sa ekonomiya, kultura hybridity, at mga istrukturang pampulitika na naimpluwensyahan ng nakaraang kolonyal na pamamahala.<br>• Napagninilayan kung paano nakakaapekto ang mga labi ng imperyalismo sa katarungang panlipunan, pambansang pagkakakilanlan, at pandaigdigang relasyon |
| **D. Nilalaman** | Ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya<br>Mga Pamamaraan at Patakarang Kolonyal ng Bansang Pilipinas, Indonesia, at Malaysia |

| | |
|---|---|
| | • Mga pamamaraan at patakarang kolonyal ng bansang Pilipinas, Indonesia at Malaysia<br>• Iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal ng tatlong bansa<br>• Epekto ng kolonyalismo at imperyalismo Kanluranin sa kasalukuyan |
| **E. Integrasyon** | • Kulturang Popular (Food, Music, Entertainment, Fashion, Fads and Crazes)<br>• Current Events (Aspetong politikal at ekonomiko); Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo<br>• Sustainable Development Goals (SDG 8 – Decent Work and Economic Growth, SDG 10 – Reduce inequalities, SDG 16 – Peace, Justice and Strong Institutions, SDG 17 – Partnerships for the Goals)<br>• Peace Education |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Agoncillo, T. (1990). History of the Filipino People 8th Edition. C.&E. Publishing Inc.

*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf

Modified Lesson Exemplar. 2024, Pebrero. Dampalit Integrated School, Tinajeros National High School.

Zaide, G. & Zaide S. (2014). Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon. All Nations Publishing Co., Inc.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**Unang Araw**

**1. Maikling Balik-aral**

**Gawain 1: Loop-a-Word**

Panuto: Hanapin sa ibaba ang mga salita nasa kaliwang bahagi ng papel. Makikita itong pahalang , patayo, palihis, at pabaliktad. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | T | A | K | P | T | L | N | A | A | A | A | I |
| Y | N | N | N | N | T | I | N | I | P | L | O | S | E |
| N | I | I | N | A | P | M | I | A | H | A | M | P | O |
| O | N | Y | E | U | O | O | N | I | A | Y | A | A | D |
| L | A | S | T | I | R | G | I | L | N | S | L | I | O |
| O | R | A | H | P | T | S | N | A | E | A | A | N | E |
| K | U | N | E | O | U | I | D | N | L | N | Y | E | G |
| R | L | I | R | I | G | L | O | I | L | S | S | N | T |
| N | N | P | L | A | A | A | N | R | I | I | I | G | O |
| O | A | I | A | I | L | N | E | A | K | I | A | L | A |
| N | K | L | N | L | I | G | S | N | O | N | A | A | O |
| P | U | I | D | H | O | A | I | N | O | I | T | N | D |
| I | P | P | S | G | L | N | A | E | D | N | I | D | A |
| M | P | O | K | A | N | A | N | A | P | N | A | A | N |

TIMOG SILANGAN
SPAIN
INDONESIA
PILIPINAS
NETHERLANDS
KANLURANIN
MALAYSIA
PANANAKOP
ASYA
ENGLAND
KOLONYA
PORTUGAL

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang kaugnayan ng salitang iyong nahanap sa nakalipas nating paksa?
2. Ilahad ang mga patakarang ipinatupad sa:
   - Pilipinas
   - Malaysia
   - Indonesia
3. Paano sinakop ng mga Europeo ang mga bansa sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya?

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

*Mga Tala sa Guro:* Ang mga gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring mapagpilian upang balikan ang natapos na aralin at bilang panulay sa bagong paksang tatalakayin sa linggong ito.

**B. Paglalahad ng Layunin**


**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**
**Gawain 2: Aksyon-Reaksyon**
Panuto: Iguhit sa notebook ang happy face kung katanggap-tanggap para inyo ang mga polisiyang ipakikita ng guro at sad face kung hindi. Ipaliwanag ang inyo naging reaksiyon.

| Polisiya | Reaksyon | Paliwanag | Maaaring maging epekto sa Pilipinas |
|---|---|---|---|
| Diborsiyo bilang panukalang batas | | | |
| Jeepney Modernization Act | | | |
| Usapin sa Mandatory ROTC | | | |

Pamprosesong Tanong:
1. Masasabi ba natin na epektibo ang mga polisiya at panukalang ito para sa ating bansa? Ipaliwanag.
2. May iba pa bang mga isyu na dapat mas pagtuonan ng pansin ng pamahalaan? Ilahad ito at ipaliwanag ang iyong sagot.

Dapat magkaroon ng pag-unawa ang mga mag-aaral sa konsepto sa epekto at pagtugon ng mga tao sa mga patakarang ipinatutupad sa bansa.

Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito.

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 3: Synonyms**<br>Panuto: Gumawa ng concept map na nagpapakita ng mga salitang may kaugnayan sa paksa<br><br><br><br> | Gamitin ang mga salitang nabuo upang mabigyan ng kahulugan ang ideya sa concept map. Maaaring magbigay ng halimbawa ng pangyayari sa kasaysayan upang mas maunawaan ng mag-aaral ang kahulugan ng mga salita. Iugnay ang mga salitang ito sa nakalipas na aralin. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Epekto ng kolonyalismo at imperyalismo Kanluranin sa kasalukuyan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 2: Panood ng Video**<br>Panuto: Panoorin ang video at sagutin ang pamprosesong tanong.<br><br><br>PBBM, umapela sa ASEAN vs nag-aambisyong dominahin ang South China Sea | Link sa panonood ng video:<br>https://www.youtube.com/watch?v=EJ2SOdXqrG0<br><br>Dapat maipaliwanag sa mga mag-aaral na mahalaga ang tugon ng isang Pangulo at ang aksiyon nito sa mga usaping pangkapayapaan lalo na sa sigalot sa West Philippine Sea dahil siya ang kumakatawan sa ating bansa. Kinakailangan ng masusing pagpapasya at pag-aaral sa mga ganitong usapin dahil maaring dalhin nito ang buong bansa sa kaayusan o sa digmaan. |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong masasabi sa aksiyon ng China sa West Philippine Sea?
2. Sang-ayon ka ba sa naging tugon ng Pangulo sa usapin ng West Philippine Sea?
3. Bakit mahalaga ang pagpapanatili ng kapayapaan sa gitna ng tumitinding sigalot sa pagitan ng mga bansang umaangkin sa West Philippine Sea?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ang Pilipinas, Indonesia at Malaysia ay mga magkakalapit na bansa na kabilang sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya na nakaranas ng iba't-ibang anyo ng pananakop mula sa mga Europeo sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo. Naging laganap ang kahirapan at pang-aabuso sa mga bansang ito lalo na sa kanilang mga likas na yaman. Nagdulot ng malaking pagbabago sa tradisyon at kultura ng mga Asyano ang pananakop halimbawa na lamang ay ang paglaganap ng Kristiyanismo sa Pilipinas. Maging ang kasuotan at pagpapangalan sa mga katutubong Pilipino ay nabago rin nang dumating ang mga Kastila sa bansa. Ang mga pagbabagong ito ay isinagawa upang madaling makontrol ng mga dayuhan ang mga katutubo. Samantalang sa Indonesia naman ay ginamit ang divide and rule policy na naging dahilan ng pagkakawatak-watak ng mga katutubo. Sa Malaysia ay direktang nanirahan ang mga Briton sa grupo ng mga isla upang magkaroon ng tagabantay sa mga daungan ng barkong pangkalakalan.

**Gawain 5: Data Retrieval Chart**

Panuto: Punan ang chart ng angkop na impormasyon

| Bansa | Kalagayan bago dumating ang mananako p | Pamamaraa ng ginamit sa pananakop | Patakarang ipinatupad | Epekto sa bansa | Reaksiyon ng Mamamayan | Tugon ng Mamamayan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pilipinas | | | | | | |
| Indonesi a | | | | | | |

Gumamit ng iba pang batayan sa upang maisagawa ang Gawain 5.

Bigyan ng oras ang mga mag-aaral sa pagbabasa at pagsagot ng chart. Matapos ito ay ilahad sa klase ang sagot.

Maaaring hatiin sa tatlong pangkat ang klase na magbabahagi ng kanilang sagot.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Malaysia | | | | | | |

Pamprosesong Tanong

1. Magkakatulad ba ang naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas, Indonesia at Malaysia? Ipaliwanag ang sagot.
2. Bakit may magkakatulad na reaksiyon at tugon ang mga mamamayan ng Pilipinas, Indonesia at Malaysia sa pananakop ng dayuhan?
3. Maaari ba nating sabihin na tama o mali ang naging tugon ng mga mamamayan sa Pilipinas, Indonesia at Malaysia? Bakit?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain 6: Family Feud**
Panuto: Magbigay ng pangunahing kasagutan sa bawat kategorya.

A. Pangunahing epekto ng kolonyalismo sa Pilipinas na makikita hanggang sa kasalukuyan.
   - Top 1
   - Top 2
   - Top 3

B. Pangunahing reaksiyon ng mga mamamayan sa kolonyalismo
   - Top 1
   - Top 2

C. Pangunahing tugon ng mga bansa sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya.
   - Top 1
   - Top 2

Sa gawaing ito, inaasahan na naitama na ang unang kaalaman sa nakaraang aralin. Bilang karugtong ng Data Retrieval Chart, sasagutin na lamang ng mga mag-aaral ang bahagi ng Epekto sa bansa, Reaksiyon ng Mamamayan at Tugon ng Mamamayan upang makita ng mga mag-aaral na hindi naging maganda ang kabuuang epekto ng kolonyalismo at kinakailangan gumawa ng pagkilos ang mamamayan upang makamtan nila ang kalayaan.

Magsagawa ng simpleng balik-aral tungkol sa nilalaman ng data retrieval chart.

Ang pamprosesong tanong ay magsisilbing gabay sa pagpapalalim ng talakayan at pagsusuri sa Data Retrieval Chart.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain 7: Hagdan ng Pag-unlad**<br>Panuto: Sagutin ang bahagi ng "TANONG".<br><br>AKING ALAM<br>______________<br>______________<br>______________<br><br>NAIS MALAMAN<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br><br>MGA NATUTUHAN<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br>______________<br><br>TANONG:<br>Ano ang naging tugon ng mga pangkapuluang bansa sa Timog Silangang Asya?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**Gawain 8:**<br>**Pagpapahayag ng Iyong Pananaw**<br>Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan ayon sa situwasyon.<br><br>Situwasyon:<br><br>Sa ating aralin ay nakita natin ang masalimuot na karanasan ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo. Kung bibigyan ka ng pagkakataon makabalik sa nakaraan, mayroon ka bang nais baguhin sa mga pangyayari sa kasaysayan?<br><br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________. | Magsagawa ng simpleng balik-aral bago magpatuloy sa gawain.<br><br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang hindi maaring baguhin ang mga naganap sa ating kasaysayan dahil ang maliit na pagbabago nito ay may malaki ang epekto sa kasalukuyan at hinaharap. |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 9: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!**

Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang “pag-thumbs up” at “thumbs down” ng iyong kamay.



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| | |
|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

**E. Pagtataya**

**1. Pagsusulit**
**Gawain 11: Pagpapahayag ng Saloobin**
Panuto: Gumuhit ng poster na nagpapakita ng karanasan ng Pangkapuluang Timog Silangang Asya. Kinakailangan ding maipakita ang epekto nito at ang naging tugon ng mga mamamayan.

Pamantayan sa pagmamarka:

| | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Nakita ang lahat ng ideyang kinakailangan. | Hindi kumpleto ang mga ideyang ipinakita sa poster. | Kaunti lamang ang mga ideyang ipinakita sa poster. | Isang ideya lang ang nakita sa poster. |
| Pagkamali khain | Malinis at may kulay at detalyado ang poster. | Walang kulay ngunit malinis ang poster. | May kulay ngunit hindi malinis ang poster. | Walang kulay at hindi malinis ang poster. |
| Organisas yon | Lahat ng elemento ay may kaugnayan sa paksa. | May iilang elemento na walang kaugnayan sa paksa. | Maraming elemento ang hindi kinakailangan sa poster. | Isang elemento lang ang may kaugnayan sa poster. |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)**

*Mga Tala sa Guro:* Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa nagging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa.

Maaring gumawa ng ibang uri ng maikling pagsusulit ang guro.

**F. Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| *Estratehiya* | | |
| *Kagamitan* | | |

*Mga Tala sa Guro:* Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Pakikilahok ng mga Mag-aaral* | | | aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | *At iba pa* | | | |
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |